

Pag-iwas sa Sunog

Standard



Mga Nilalaman

1	Panimula	3
2	Mga Kinakailangan	3
3	Mga pamantayan sa ligtas na pagpapaandar	4
3.1	Mga hakbang sa paglikas sa sunog	4
3.2	Mga ruta palabas	4
3.3	Mga maaaring umapoy at sumabog na materyales	4
3.4	Pagtatapon basura.....	4
3.5	Mga Operasyon sa Field.....	4
3.6	Hot work.....	5
4	Mga pagtatasa sa panganib at pagpaplano	5
5	Pagmomonitor at pagsusuri	6
6	Pagbabago ng impormasyon	6
7	Appendix I – Hot work permit	6

© Ericsson AB 2021

Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang impormasyon na nasa dokumentong ito ay pag-aari ng Ericsson at napapailalim sa pagbabago nang walang paunawa. Walang inaaakong responsibilidad ang Ericsson para sa mga katumpakan ng o pagkakamali sa mga impormasyon.



1 Panimula

Inilalarawan ng pamantayang ito ang mga minimum na kinakailangan para pangasiwaan ang mga panganib na magkasunog sa negosyo ng Ericsson para matiyak wastong napapamahalaan ang mga aspetong pangkalusugan at pangkaligtasan.

Malalapat ang lokal na kinakailangan ng batas kapag lampas sa pamantayang ito ang mga lokal na kinakailangan ng batas.

2 Mga Kinakailangan

Nalalapat ang mga sumusunod na kinakailangan:

- dapat mabigyan ang lahat ng empleyado ng panimulang pagsasanay at mga hakbang para sa emergency na paglikas,
- bago simulan ang anumang pagtatrabaho sa mga field site, dapat tiyakin ng itinalagang tao na na-induct ang lahat ng manggagawang nasa site,
- dapat mayroong mga emergency plan ang responsableng manager at may nakahandang mga tagubilin sa paglikas,
- dapat may paskil at hindi nahaharangan ang lahat ng ruta palabas at mga lugar na pagtitipunan,
- dapat nakasaad ang emergency plan ng site ang lokasyon ng maaaring umapoy at sumabog,
- mahigpit na ipinagbabawal ang pagharang at pagtatago ng combustible, maaaring umapoy at sumabog na mga materyales sa mga ruta sa paglabas (pati nasa mga ilalim ng mga hagdan),
- dapat matasa ang panganib ng anumang trabaho na mayroong mga apoy o panggagalingan ng init at napapailalim sa hot work permit na pamamaraan,
- kung sakaling magka-apoy kaagad na dapat ihinto ang anumang trabaho, at patunugin ang alarma,
- dapat batid ng lahat ng tauhan ang mga lugar na pagtitipunan, at
- kung sakaling magkasunog sa lugar, dapat kaagad na lumikas papunta sa paunang napagkasunduang lugar na pagtitipunan.

Walang anumang sa itaas ang mangunguna kaysa sa kaligtasan ng sinumang empleyado o kontratista na nagtitiyak sa kanyang patuloy na personal na kaligtasan.



3 Mga pamantayan sa ligtas na pagpapaandar

3.1 Mga hakbang sa paglikas sa sunog

Ang sinumang makakarinig sa alarma ay dapat:

- lumikas at magtipon sa itinalagang lugar na pagtitipunan, at
- kung ligtas na gawin, isara ang lahat ng pintuan at bintana upang hindi lumaganap ang sunog.

3.2 Mga ruta palabas

Tiyaking pamilyar ang mga empleyado sa itinalagang mga ruta palabas, mga emergency exit, at mga lugar na pagtitipunan.

Dapat may paskil at hindi nahaharangan ang lahat ng itinalagang ruta palabas, mga emergency exit, at mga lugar na pagtitipunan. Dapat ipakita ang mga ruta at exit na ito kahit man lang sa board ng impormasyon.

Kapag pumupunta sa ibang parte, tiyaking na kailangang ipamilyar ng mga empleyado ang kanyang sarili sa lahit man lang dalawang itinalagang emergency exit na malapit sa lugar ng trabaho.

3.3 Mga maaaring umapoy at sumabog na materyales

Dapat itago sa itinalaga at angkop na lugar ang mga maaaring umapoy na materyales. Dapat tukuyin at markahan sa emergency plan ng site ang lokasyon ng maaaring umapoy na materyales.

Dapat itago nang patayo ang mga gas cylinder (mga bote) at iwasang matumba. Dapat malinaw na namarkahan at nakahiwalay mula sa mga punong cylinder ang mga walang laman na cylinder.

3.4 Pagtatapon basura

Dapat tiyakin ng lahat ng empleyado na nagtatrabaho sa Ericsson o customer ng site na itapon ang basura sa wastong paraan at ayon sa mga kinakailangan ng kapaligiran batay sa uri ng itatapong basura, at sa paraan, na hindi ito aapoy.

3.5 Mga Operasyon sa Field

Dapat magkaroon ng hakbang sa emergency sa isang site batay sa site ng customer at mga hakbang sa emergency ng Ericsson.



3.6 Hot work

Mga halimbawa ng 'hot work':

- Pagwe-welding,
- pagpapa-apoy ng torch (ibig sabihin, oxy acetylene), at
- iba pang paggamit kung saan mayroong mga apoy, hal., mga blow torch

Dapat mayroong sapat na karanasan at kakayahan ang sinumang tao na nagsasagawa ng hot work.

Dapat walang mga materyales na maaaring umapoy at combustible dusts/basura ang mga lugar ng trabaho bago simulan ang hot work.

Dapat iisyu ang hot work permit sa isang taong may kakayahan bago simulan ang trabaho. Ang gayong permit ay dapat lamang gamitin para sa partikular na oras na nakasaad at hindi dapat lumampas sa isang araw na pagtatrabaho. Matapos nito, dapat kumuha at mag-isyu ng panibagong permit. Makikita ang halimbawa ng Hot Work Permit sa Appendix I sa dokumentong ito.

Kapag natapos na ang gawain, dapat pirmahan ang hot work permit at ibalik sa taong namamahala sa trabaho para sa pag-inspeksyon sa lugar.

Dapat mayroong magagamit na naaangkop na fire extinguisher at fire blanket sa oras ng hot work. Ang fire extinguisher na gagamitin para sa hot work ay hindi dapat kunin mula sa isang lugar na itinalagang fire point.

Kinakailangan ang fire watch sa minimum na isang oras matapos ang mga work.

Halimbawa, para sa Hot work permit, tingnan ang Appendix.

4 Mga pagtatasa sa panganib at pagpapalano

Paunang napapailalim ang lahat ng lugar sa buong pagtatasa sa panganib at pagkatapos magkaroon ng pagbabago sa materyales sa mga lugar. Dapat ganap na ipatupad ang lahat ng hakbang sa pangangasiwa at mayroon ng lahat ng probisyon para sa mga hot work permit bago simulan ang trabaho.



5 **Pagmomonitor at pagsusuri**

Ang pagtupad sa pamantayang ito ay imomonitor sa pamamagitan ng pagsusuri at pagtatago ng mga rekord ng:

- mga induction ng empleyado,
- mga rekord ng pagsasanay,
- pagtatasa sa panganib,
- mga drill sa sunog at paglikas,
- mga hot work permit, at
- mga istadistika ng pangyayari,

6 **Pagbabago ng impormasyon**

Buod ng mga pagbabago simula noong huling nirebisa:

- 1 Paglipat ng teksto sa “mga lugar na pagtitipunan” sa talata ng Ruta palabas
- 2 Teksto para sa pinasimpleng pagtatapon ng basura

7 **Appendix I – Hot work permit**

Pakitingnan ang susunod na pahina.



HOT WORK PERMIT –

Bago simulan ang Hot Work: Maiiwasan ba ang trabahong ito? Mayroon bang mas ligtas na paraan?

ANG HOT WORK PERMIT AY KINAKAILANGAN PARA SA ANUMANG PANSAMANTALANG OPERASYON NA KINAPAPALOOBAN NG MGA PAGGAMIT NG APOY O PRODUKYON NG INIT AT/O MGA PAGKISLAP. KASAMA RITO, NGUNIT HINDI LIMITADO SA: PAG-BRAZE, PAGPUTOL, PAG-GRIND, HARD SOLDERING, PAGTUNAW PIPE, ROOFING AT PAG-WELDING GINAMITAN NG TORCH.

KINAKAILANGANG CHECKLIST PARA SA PAG-IINGAT

Pangkalahatan

- Ang pagpatay sa fire alarm na bunga ng Hot Work ay dapat lang gawin ng awtorisadong tao. Tungkulin rin ng taong ito na i-on ang fire alarm sa sandaling natapos na ang Hot Work. Sa oras na may fire alarm, dapat maglagay ng fire watch para sa pinsala.
- Dapat mayroong kinakailangang pagsasanay at karanasan ang taong gagawa ng hot work.
- Dapat mayroong magagamit na gumaganang mga sprinkler, hose at extinguisher sa serbisyo.
- Dapat gumagana nang maayos ang kagamitan para sa Hot work. Mayroong mga flashback arrestor at non-return valve ang kagamitan para sa pagwe-welding.
- Dapat pangasiwaan ang mga gas bottle na hindi ito malantad sa mga pagsabog at impact.
- Kapag ginamit ang mga gas bottle, dapat mayroong tools at pamprotektang guwantes ang taong magsasagawa ng hot work, upang maisara ang gas kung sakaling magkaroon ng emergency.

Mga kinakailangan sa loob ng 10 m (33 talampakan) ng pagtatrabaho

- Dapat naalis ang mga maaaring umapoy na likido, alikabok, lint at mga natirang langis.
- Napahanginan na ang kapaligiran ng lugar na maaaring sumabog.
- Nalinis na ang mga sahig.
- Nabasa na ang mga maaaring magliyab na sahig, natakpan gamit ang basang buhangino mga fire-resistive sheet
- Naalis na ang iba pang maaaring magliyab, kung saan maaari. Kung hindi, protektahan gamit ang mga fire-resistive na tarpaulin o mga metal shield.
- Natakpan ang lahat ng mga butas sa pader at sahig.
- Iba pang pag-iingat isinagawa:

- Nailagay ang mga fire-resistive tarpaulin sa ibabaw ng trabaho.
- Naprotektahan o naisara ang mga duct at conveyer na maaaring kumislap sa malapit na maaaring magliyab.

Pagtatrabaho sa mga pader, kisame o bubong

- Hindi nagliliyag ang kontruksyon at walang maaaring magliyab na covering o insulation.
- Ilayo ang mga maaaring magliyab sa ibang bahagi ng pader, kisame o bubong.

Pagtatrabaho sa enclosed na kagamitan

- Alisan ng lahat ng maaaring magliyab ang enclosed na kagamitan.
- Alisan ng maaaring umapoy na likido/mga vapor ang container.
- I-off, ihiwalay at buksan upang pahaginan ang mga pressurized vessel, piping at kagamitan.

Lugar para sa pagmomonitor sa Fire watch/Hot Work

- Dapat mayroong fire watch sa oras ng at sa loob ng 1 oras matapos ang Hot Work, kasama na ang break sa pananghalian.
- Dapat nabigyan ang fire watch ng naaangkop na mga extinguisher, at kung saan praktikal, charge na maliliit na hose.
- Nabigyan ng pagsasanay ang fire watch sa paggamit sa kagamitang ito at sa pagpapatunog ng alarm.
- Maaaring kailanganin ang fire watch para sa mga pinagsamang lugar, sa itaas at sa ibaba.
- Imonitro ang lugar ng Hot Work sa loob ng 4 na oras matapos makumpleto ang trabaho.

PETSA	ORAS	GINAWA ANG TRABAHO NG <input type="checkbox"/> EMPLEYADO <input type="checkbox"/> KONTRATISTA	
INAASAHANG PAGSISIMULA	INAASAHANG PAGTATAPOS	LOKASYON	
PANGALAN NG TAONG MAGSASAGAWA NG HOT WORK (PIRMA/MALALAKING LETRA)		URI NG TRABAHO	
Natukoy na Hot Work lamang ang tanging available na paraan upang matapos ang trabahong ito. Biniberipika ko na isinagawa ang mga nakalistang pag-iingat sa KINAKAILANGANG CHECKLIST PARA SA PAG-IINGAT, nasuri ang lokasyon na nasa itaas at pinahintulutan ang permiso para sa hot work na ito.			
AREA SUPERVISOR (PIRMA/MALALAKING LETRA)	MAG-E-EXPIRE ANG PERMIT SA	PETSA	ORAS
SIGNOFF NG FIRE WATCH Nainspeksyon ang lugar ng trabaho at lahat ng katabing lugar kung saan maaaring umabot ang mga pagkislap at init sa oras ng fire watch (Hot Work + kasunod na 1 oras) at napag-alaman na ligtas ito sa pagkakaroon ng sunog.	PINAL NA PAGSUSURI Namonitor ang lugar ng trabaho nang 4 na oras kasunod ng Hot Work at napag-alaman na ligtas ito sa pagkakaroon ng sunog.		
FIRE WATCH (PIRMA/MALALAKING LETRA)	FIRE WATCH (PIRMA/MALALAKING LETRA)		